
Chapter 11 

# Tirahan



## 1 Pabahay sa Japan

### 1-1 Sariling bahay

Sa Japan, tinatawag na "sariling bahay" kung mayroong karapatan sa pag-aari nito. Ang "sariling bahay" ay katulad ng solong bahay o condominium. Para magpatayo ng bahay o bumili ng bahay, kinakailangan ng iba't ibang proseso at kontrata.

### 1-2 Pampublikong pabahay (Public housing)

Ito ay pabahay na inaalok ng lokal na pamahalaan sa murang upa para sa mga may maliit na kita at namomroblema sa paghahanap ng tirahan. Itinatakda ng bawat lokal na pamahalaan ang kondisyon para dito, katulad ng kung magkano ang kita, para makaupa nito.

### 1-3 UR rental housing

Ito ay pabahay na pinapamahalaan ng Urban Renaissance Agency (UR) at may kondisyon katulad ng kailangang mas malaki ang buwanang kita kaysa sa itinakda ng UR para makaupa nito. Pero puwede ring makaupa nito depende sa visa (tingnan ang 2-2)

### 1-4 Pribadong pabahay

Ito ay karaniwang pabahay na may upa. Puwede itong upahan ng kahit sino basta makakapagbayad ng upa at iba pang gastusin batay sa kontrata. Iba-iba ang kontrata depende sa property, kaya itsek nang mabuti ang mga nilalaman ng kontrata.

# 2 Pag-upa ng bahay

## 2-1 Pampublikong pabahay (Public housing)

- Ang pampublikong pabahay ay para sa mga namomroblema sa paghahanap ng tirahan dahil sa maliit na kita. Kaya, itinakda ng bawat lokal na pamahalaan ang kondisyon katulad ng laki ng kita para upahan ito.
- Ang mga dayuhan ay maaaring kailangang tumugon sa iba pang kondisyon para makaupa nito, katulad ng mahigit sa isang taon na visa o may rekord na nanirahan sa Japan, bukod sa karaniwang hinihinging kondisyon.
- Kapag gustong umupa ng pampublikong pabahay, mag-apply sa lokal na pamahalaang namamahala nito.
- Para sa detalye tungkol sa hinihinging kondisyon para makaupa, pag-aapply at iba pa, makipag-ugnayan lamang sa lokal na pamahalaang namamahala sa pabahay na nais upahan.


## 2-2 UR rental housing

- Para umupa nito, may kondisyon katulad na dapat mas malaki ang buwanang kita kaysa sa itinakda ng UR.
- Ang mga dayuhan ay maaaring umupa kapag patuloy na maninirahan at kapag Diplomat, Official, special permanent resident, o medium o long-term resident (kasama ng permanent resident) ang visa.
- Para sa detalye tungkol sa kung paano ang pag-aapply para sa pag-upa o kung may bakante, makipag-ugnayan lamang sa UR Sales Center.

## 2-3 Pribadong pabahay

- Para sa mga dayuhang naghahanap ng pribadong pabahay sa Japan, kapaki-pakinabang ang “Apartment Search Guidebook” at “Gabay para sa mga titira sa inuupahang bahay”.
- Sumangguni lamang sa “Apartment Search Guidebook” dahil narito ang impormasyong makakatulong para sa paghanap ng tirahan, katulad ng mga sumusunod.

① Paano ang paghahanap ng pribadong pabahay sa Japan at pagpirma ng kontrata
② Kakailanganing dokumento at gastusin
③ Proseso ng pag-upa
④ Mga tuntunin sa tirahan sa Japan
⑤ Proseso ng pag-alis
⑥ Mga ginagamit na salita sa pag-upa ng tirahan



- Ipinapakita ng “Gabay para sa mga dayuhang titira sa inuupahang bahay” ang mga nakakatulong impormasyon sa paghanap ng matitirahan sa Japan at mga website ng mga tindahan ng real estate na puwedeng tumugon sa wikang banyaga.

**Homepage ng Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism**
**Para sa detalye, pakitsek ang homepage na ito.**
https://www.mlit.go.jp/jutakukentiku/house/jutakukentiku_house_tk3_000017.html

## "Apartment Search Guidebook"

| | |
|---|---|
| Hapon | http://www.mlit.go.jp/common/001317843.pdf |
| Inggles | http://www.mlit.go.jp/common/001317844.pdf |
| Intsik | http://www.mlit.go.jp/common/001317845.pdf |
| Koreano | http://www.mlit.go.jp/common/001317846.pdf |
| Kastila | http://www.mlit.go.jp/common/001317847.pdf |
| Portuguese | http://www.mlit.go.jp/common/001317848.pdf |
| Vietnamese | http://www.mlit.go.jp/common/001316936.pdf |
| Nepali | http://www.mlit.go.jp/common/001316937.pdf |
| Thai | http://www.mlit.go.jp/common/001312581.pdf |
| Indonesian | http://www.mlit.go.jp/common/001312584.pdf |
| Myanmar | http://www.mlit.go.jp/common/001312587.pdf |
| Khmer | http://www.mlit.go.jp/common/001312589.pdf |
| Pilipino | http://www.mlit.go.jp/common/001312590.pdf |
| Mongolian | http://www.mlit.go.jp/common/001312591.pdf |

Hapon Inggles Intsik Koreano

Kastila Portuguese Vietnamese Nepali

Thai Indonesian Myanmar Khmer

Pilipino Mongolian

**"Gabay para sa mga dayuhang titira sa inuupahang bahay"**

https://www.mlit.go.jp/common/001334734.pdf

**Mga impormasyon tungkol sa mga pabahay na maaaring upahan ng dayuhan**

https://safetynet-jutaku.mlit.go.jp/guest/index.php (Hapon)